

Modified Slide Deck in Teaching Filipino and Its Effect to Grade 7 Student's Learning

Peerless Queen G. Zamora¹, Anesa P. Mangindra²

¹Department of Education, New Panay National High School – Esperanza, Sultan Kudarat, Philippines

peerlessqueen.zamora@deped.gov.ph

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines

anesamangindra@sksu.edu.ph

Abstract

The continuous advancement of technology underscores the importance of modern instructional tools in enhancing student learning. This study aims to examine the effectiveness of Modified Slide Decks as a teaching aid in the Grade 7 Filipino learners. The primary research problem focuses on assessing the impact of this tool on students' academic performance. Using a quasi-experimental research design, the study was conducted at New Panay National High School, Esperanza, Sultan Kudarat, involving forty-seven learners purposively selected students with low Phil-IRI scores during the pre-test examination. Data analysis employed mean, standard deviation, and t-test to measure the effect of Modified Slide Decks on student learning. Findings revealed a significant improvement in students' learning outcomes after integrating Modified Slide Decks into instruction. Pre-test scores showed low performance, while post-test results demonstrated higher achievement, confirming the tool's effectiveness in enhancing learning. Based on these results, the study recommends the continued and expanded use of Modified Slide Decks in Filipino instruction. Additionally, teacher training, seminars, and workshops should be conducted to enhance educators' ability to develop and utilize innovative instructional materials. Continuous monitoring and evaluation are essential to refine the tool and optimize learning outcomes. The significance of this study lies in its contribution to technology-driven instruction, demonstrating that digital teaching aids can improve student performance. Future research should explore the applicability of Modified Slide Decks in different subjects and learning levels to establish its broader impact on education.

Keywords: *Teknolohiya, Integrasyon, Pagkatuto. Modified Slide Deck, Pagtuturo sa Filipino*

PANIMULA

Patuloy na umuunlad ang edukasyon kasabay ng modernisasyon, na nagdadala ng hamon sa mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Ayon kay Ranosa (2020), isinusulong ng DepEd ang integrasyon ng makabagong kagamitan sa kurikulum upang mapadali ang pagkatuto. Batay kay Crisolo (2018), ipinatupad ang *DepEd Computerization Program* (DCP) upang palakasin ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon, ngunit ayon kay Molina (2021), ilan sa mga guro ang nahihirapan dahil sa limitadong oras at pagsasanay.

<https://ijase.org>

Bilang tugon, isinagawa sa Rehiyon XII ang pagsasanay sa *MATATAG Curriculum Lesson Exemplars and Slide Decks Development* upang gawing mas epektibo at kawili-wili ang pagtuturo gamit ang teknolohiya. Gayunpaman, nananatiling hamon ang *digital adoption*, kaya't mahalaga ang patuloy na pagsasanay at suporta para sa mas mahusay na paggamit ng makabagong kagamitan sa edukasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng *Modified Slide Decks* sa pagtuturo ng Filipino at ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, upang matiyak ang epektibong paggamit nito sa aktwal na klase.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng pagtuturo ng guro gamit ang *Modified Silde Deck* batay sa:
 - 1.1 Kaalaman sa nilalaman;
 - 1.2 Estratehiya sa pagtuturo;
 - 1.3 Pagkamalikhain;
 - 1.4 Kaangkupan ng kagamitan; at
 - 1.5 Kahusayan sa pagtuturo?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng kagamitang pampagtuturo gamit ang Modified Slide deck ayon sa:
 - 2.1: Nilalaman;
 - 2.2: Kaangkupan; at
 - 2.3 Pagkakabuo at anyo?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa matatag kurikulum ayon sa:
 - 3.1: Layunin
 - 3.2: Nilalaman;
 - 3.3: Pagkakabuo;
 - 3.4: Kaangkupan;
 - 3.5: Kalinawan at Katiyakan; at
 - 3.6: Katangian ng Kagamitang Pampagtuturo?
4. Ano ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa baitang 7 batay sa pauna at pangwakas na pagsusulit?
5. Ano ang *mean gain score* ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit?
6. May makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng pagkatuto ng eksperimental na pangkat sa pauna at pangwakas na pagsusulit?
7. Mayroon bang makabuluhang bang pagkakaiba ang *main gain score* ng eksperimental na pangkat batay sa pauna at pangkawas na pagsusulit.

METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang *kwasi-eksperimental* na disenyo ng pananaliksik. Ayon kay Thomas (2020), ang pamamaraang ito ay angkop sa pagsusuri ng epekto ng kagamitang pampagtuturo sa isang tiyak na populasyon kahit walang random na pagtatalaga. Sinuri ng pag-aaral na ito ang bisa ng *Modified Slide Deck* sa pagtuturo at ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7 batay sa kanilang pagsusulit.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na mula sa Baitang 7 ng Mataas na Paaralan ng New Panay, New Panay Esperanza, Sultan Kudarat. Ang eksperimental na pangkat ay binubuo ng apatnapu't pitong (47) mag-aaral mula sa naturang baitang.

2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng *purposive sampling* sa pagpili ng mga mag-aaral sa Baitang & bilang respondente. Pinili ang mga kalahok batay sa tiyak na katangian at kaalaman na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ginamit ang *Modified Slide Deck* bilang pangunahong kagamitang pampagtuturo upang masulat ang bis anito sa pamamagitan ng pauna at pangwakas na pagsusulit.

2.4. Instrumento sa Pangangalap ng Datos

Ang pagsusulit na binuo mula sa Matatag Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon para sa ikatlong markahan ay dumaan sa balidasyon gamit ang CVI at TOS ayon sa Bloom's Taxonomy. Anim na eksperto ang nagsuri, na nagresulta sa S-CVI/AVE na 1.000 at S-CVI-UA na 1. Matapos ang balidasyon, isinagawa ang pilot testing sa Baitang 8 at sinuri ang mga aytem gamit ang KR-20; limampung aytem ang napili para sa paunang at pangwakas na pagsusulit.

Ang *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo ay dumaan sa balidasyon gamit ang CVI, na may S-CVI/AVE na 0.99 at S-CVI-UA na 1.76. Sinuri ito batay sa layunin, nilalaman, pormat, presentasyon, at organisasyon. Ang pangkalahatang mean na 3.82 para sa *Modified Slide Deck* at 3.81 para sa pagsusulit ay nagpakita ng mataas na antas ng balididad. Kinilala itong mabisang kagamitan sa pagtuturo batay sa pagsang-ayon ng mga eksperto.

2.5. Proseso ng Pangangalap ng Datos

Upang maisagawa ang pag-aaral, nagpadala ang mananaliksik ng liham sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Sultan Kudarat State University at Punongguro ng Mataas na Paaralan ng Esperanza para sa pahintulot ng *Pilot Testing*. Matapos makakuha resulta, isinagawa ang paunang pagsusulit sa mga mag-aaral ng Mataas na Paaralan ng New Panay, sinundan ng aktuwal na pagtuturo gamit ang *Modified Slide Deck* sa eksperimental na pangkat. Pagkalipas ng isang markahan, isinagawa ang pangwakas na pagsusulit upang masuri ang epekto ng kagamitan sa pagkatuto. Ang nakalap na datos ay inanalisa gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

RESULTA

Sa kabanatang ito, tinatalakay ang mga resulta at mga analisi ng mga nalikom na mga datos maging ang mga interpretasyon.

Talahanayan 1: Antas ng Pagtuturo ng GUro Gamit ang Modified Slide Deck

Indekeytor	Mean	SD	Interpretasyon
Kaalaman sa nilalaman	5.00	0.00	Napakataas
Estratehiya sa pagtuturo	5.00	0.00	Napakataas
Pagkamalikhain	5.00	0.00	Napakataas
Kaangkupan ng kagamitan	5.00	0.00	Napakataas
Kahusayan sa pagtuturo	4.75	0.43	Napakataas

Kabuoan	4.95	0.09	Napakataas
----------------	-------------	-------------	------------

Batay sa Talahanayan, makikita na ang una, ikalawa, ikatlo, at ika-apat na indikaytor ay nakatamo ng *mean* na 5.00 ($SD = 0.0$) na may deskriptibong reyting na napakataas. Samantala, ang ikalimang indikaytor ay nagpakita ng resulta na *mean* na 4.75 ($SD = 0.43$) na may kaparehong deskriptibong reyting na napakataas din. Sa kabuoan ang *mean* na 4.95 ($SD=0.09$) na may deskriptibong reyting na napakataas.

Ipinakikita ng mga resulta na mabisa at positibo ang paggamit ng *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo ng guro. Ang mataas na kabuoang *mean* ay nagpapahiwatig ng lubos na pagsang-ayon sa bawat indikaytor, habang ang mababang *standard deviation (SD)* ay naglalaman ng konsistenteng tugon mula sa mga tagasuri. Ipinahihiwatig ng mga datos na malugod na tinanggap at kinikilala ng mga respondente ang *Modified Slide Deck* bilang isang epektibong kagamitan sa pagtuturo. Ang maingat na pagkakabuo at mahusay na nilalaman nito ay tumutugma sa mataas na antas ng kasiyahan at pagiging kapaki-pakinabang sa pagtuturo at pagkatuto.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusurportahan ng pananaliksik nina Manlapas et al. (2024), na ang paggamit ng *slide decks* bilang *visual aid* ay kapaki-pakinabang sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Loacan Elementary School. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang paggamit ng *PowerPoint* ay nakatutulong upang mas madali at epektibong maiparating ng guro ang mga aralin sa mga mag-aaral. Gayundin, sa pag-aaral nina Del-O et al. (2023), ipinapakita na ang paggamit ng *PowerPoint* presentation bilang kagamitang pampagtuturo ay may positibong epekto sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2. Antas ng Balidasyon ng Kagamitang Pampagtuturo

Indekaytor	Mean	SD	Interpretasyon
Nilalaman	4.58	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Kaangkupan	4.25	0.52	Sumasang-ayon
Pagkakabuo at anyo	4.40	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Kabuoan	4.41	0.52	Lubos na Sumasang-ayon

Makikita sa Talahanayan ang kabuoang resulta ng antas ng balidasyon ng *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo na ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral. Ipinapakita ng unang indikaytor ang *mean* na 4.58 ($SD=0.52$) na may deskriptibong reyting na lubos na sumasang-ayon, na nangangahulugang nakamit nito ang 91-100% na kalidad ng pamantayan. Samantala, ang ikalawang indikaytor ay may *mean* na 4.25 ($SD=0.52$) na may deskriptibong reyting na sumasang-ayon, na katumbas ng 75-90% na kalidad ng pamantayan. Para naman sa ikatlong indikaytor, nakuha nito ang *mean* na 4.40 ($SD=0.52$) na may deskriptibong reyting na lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita ng 91-100% na kalidad ng pamantayan. Ang kabuoang resulta ng balidasyon ay may *mean* na 4.41($SD=0.52$), na may deskriptibong reyting na lubos na sumasang-ayon at may interpretasyong nasa 91-100% ang kalidad ng pamantayan ng *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo.

Mahihinuha sa resulta na ang *Modified Slide Deck* ay may mataas na antas ng balidasyon, na nagpapakita ng mahusay na kalidad sa nilalaman, kaangkupan, at anyo ng materyal. Ipinapahiwatig nito na ang *Modified Slide Deck* ay angkop na gamiting kagamitang pampagtuturo para sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Ayon kina Gaspar (2018) at Bruce (2009), mahalaga ang angkop na kagamitan at estratehiya sa pagtuturo upang matamo ang makabuluhang pagkatuto. Ipinakita ng kanilang mga pag-aaral na dapat isaalang-alang ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at angkop na paggamit ng mga materyales. Ang mga natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpapatibay sa kanilang mga konklusyon, na binibigyang-diin ang kahalagahan ng maingat na pagpapalano sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 3. Antas ng Pagtanggap ng Kagamitang Pampagtuturo

Indikeytor	Mean	SD	Interpretasyon
Layunin	4.73	0.47	Napakataas
Nilalaman	4.71	0.55	Napakataas
Pagkakabuo	4.83	Napakataas	0.60
Kaangkupan	4.68	Napakataas	0.44
Kalinawan at katiyakan	4.73	Napakataas	0.43
Katangian ng kagamitang Pampagtuturo	4.73	Napakataas	
Kabuoan	4.74	0.45	Napakataas

Ipinapakita ng talahanayan mula sa pamantayan ng pagtanggap sa layunin na may *mean* na 4.73 (*SD*= 0.47) na may deskriptibong reyting nakapataas. Sa nilalaman ay may *mean* na 4.71 (*SD*= 0.55) na may deskriptibong reyting na nakapataas. Sa pagkakabuo na may *mean* 4.83 (*SD*= 0.21) may deskriptibong reyting na nakapataas. Sa kaaangkupan na may *mean* 4.68 (*SD* 0.60) na may deskriptibong reyting na nakapataas. Sa kalinawan at katiyakan na may *mean* na 0.73 (*SD*=0.44) na nakapataas at katangian ng kagamitang Pampagtuturo na may *mean* na 4.73 (*SD*= 0.43) na may deskriptibong reyting na nakapataas. Sa kabuoan, ang nabuong *Modified Slide Deck* ay may *mean* na 4.74 (*SD*= 0.45) mula sa pagtanggap ng mga dalubguro sa Filipino.

Ang resulta ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap at pagiging angkop ng *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo. Ang mataas na *mean* ay nagsasaad ng kasiyahan ng karamihan sa mga kalahok, habang ang mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapareho ng kanilang mga opinyon. Ipinapakita nito ang bisa ng *Modified Slide Deck* sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at guro, na may potensyal na mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

Napatunayan sa pag-aaral ni Labasbas et al. (2022) sa kanyang pag-aaral, na ang pinakamabisang gamit sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang integrasyon ng teknolohiya. Gayundin sa pag-aaral nina Ruelo et al. (2022) napapahusay ang ang pakikinig ng mag-aaral, makukuha ang interest at madaling mauunawaan ang talakayan gamit ang mga *slides o powerpoint*. Dagdag pa sa resulta ng pag-aaral nina Almacen et al. (2024) ipinapakita nito ang

malawak na pagkilala ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng mga kagamitang ito sa pagpapahusay ng kanilang karanasan sa pagkatuto sa makabagong digital na panahon.

Talahanayan 4: Antas ng Pagkatuto sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit ng Pangkat Eksperimental

Pangkat	Pagsusulit	n	Mean	SD	MPS	Interpretasyon
Eksperimental	Pauna	47	10.04	3.63	21.53	Hindi umaabot sa Ekspektasyon
	Pangwakas	47	24.60	6.74	24.59	Napakahusay

Ipinapakita ng talahanayan, ang resulta ng paunang pagsusulit na mayroong *mean* b 10.04 (*SD*= 3.63) na may deskriptibong reyting na nangangahulugang hindi umabot sa ekspektasyon at *mean percentage score* na *mean* 21.53. Ipinapakita din sa talahanayan ang resulta ng pangwakas pagsusulit na may *mean* na 24.60 (*SD*= 6.74) nangangahulugang may deskriptibong reyting na napakahusay at may mataas na antas ng pagkatuto at may *mean percentage score* na *mean* 24.59 at deskriptibong reyting na napakahusay.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng makabuluhang pag-angat sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kung saan ang pangkat eksperimental ay nagkaroon ng napakahusay na deskriptibong rating sa pangwakas na pagsusulit. Bagaman limitado ang kanilang kaalaman sa paunang pagsusulit, ang gabay at pagtuturo ng guro gamit ang *Modified Slide Deck* ay epektibong nagpalawak ng kanilang pag-unawa. Sa kabuuan, malinaw na nakatulong ang kagamitang ito sa pagpapahusay ng pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Ang mga pag-aaral nina Malantok (2018), Valdez (2016), at Imroz (2023) ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng angkop na kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo, na nagreresulta sa pagtaas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at mas mataas na akademikong pagganap. Ang *Modified Slide Deck* ay napatunayang mabisang pantulong sa pagkatuto, habang ang multimedia tools ay nagtataguyod ng interaktibong pag-aaral at pagtugon sa iba't ibang istilo ng pagkatuto.

Talahanayan 5: Mean Gain Score sa Paunang at Pangwakas na Pagsusulit ng Pangkat Eksperimental

Makikita sa Talahanayan ang *mean gain score* ng pangkat eksperimental sa pauna at

Pangkat	Pagsusulit	n	Mean	SD	Mean gain score	SD
Eksperimental	Pauna	47	10.04	3.63	15.27	48.52
	Pangwakas		24.60	6.74		

pangwakas na pagsusulit. Ang eksperimental na pangkat ay nakakuha ng *mean* na 10.04 (*SD* = 3.63) sa paunang pagsusulit. Samantala, sa pangwakas na pagsusulit, tumaas ito sa *mean* 26.60 (*SD* = 6.74), na may *mean gain score* na 15.27 (*SD* = 48.52). Ipinapakita ng mga numerong ito na may malinaw na pagkatutong naganap sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng *Modified Slide Deck* sa Baitang 7.

Ang paggamit ng *Modified Slide Deck* bilang kagamitang pampagtuturo ay nagresulta sa makabuluhang pagtaas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, na makikita sa mataas na marka sa pangwakas na pagsusulit. Ipinapakita ng mga datos na ang epektibong disenyo ng kagamitan ay

nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pagkatuto at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang positibong pag-unlad sa akademikong pagganap ay patunay ng bisa ng *Modified Slide Deck* bilang isang mabisang kasangkapan sa pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay kaayon ng mga natuklasan nina Almacen (2024) at Abdulrahman et al. (2020), na nagpatunay sa bisa ng multimedia sa pagpapabuti ng akademikong pagganap. Ang paggamit ng *Modified Slide Deck* at *multimedia tools* tulad ng *video* at *interactive simulations* ay nagdudulot ng mas mataas na paglahok at mas malalim na pag-unawa sa mga komplikadong konsepto. Ang mga resulta ay naglalagay ng diin sa kahalagahan ng patuloy na pagsasanay at suporta para sa mga guro upang mapakinabangan ang teknolohiyang pang-edukasyon.

Talahanayan 5: Makabuluhang Pagkakaiba ng Pauna at Pangwakas Pagsusulit ng Pangkat Eksperimental

Pangkat Eksperimental	n	Mean Score	SD	df	t-computed value	p-value	Interpretasyon
Pauna	47	10.04	3.63	46		43.14*	0.000
Pangwakas	47	24.59	6.74				
Mean Difference		14.55					
May Makabuluhang Pagakakaiba							

*Significant at 0.05 level of significance

Batay sa talahanayan, may makabuluhang pagkakaiba sa pangwakas na pagsusulit ng pangkat eksperimental. Kung saan, ang *mean* na 10.04 (*SD*= 3.63) ang pauna at sa pangwakas na pagsusulit na may *mean* na 24.59 (*SD*= 6.74). Sa pamamagitan ng *degree of freedom* na (46), *t-computed* na (42.14), *p-value* (0.000) at *mean difference* 14.55 makikita sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba.

Batay sa resulta, malinaw na nagkaroon ng positibong epekto ang kagamitang pampagtuturo na ginamit sa mga aralin. Ipinakikita ng paghahambing sa pagitan ng paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit na may malaking pagtaas sa antas ng pagkatuto, dahil mas mataas ang *mean* ng pangwakas na pagsusulit kumpara sa paunang pagsusulit. Sa kabuoan, napatunayan na ang *Modified Slide Deck* ay isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo na nakatutulong upang mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang pagtaas ng kanilang marka ay isang indikasyon ng kahusayan at bisa ng kagamitang ito sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman.

Suportado ng pag-aaral ni Caras (2023) na ang *main gain score* ng pangkat eksperimental ay nagpamalas ng akademikong pagkatuto sa paglalapat ng kagamitang pampagtuturo. Pinatunayan din ng pag-aaral ni Montealegre (2019) aniya, ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at pag-aaral nang tama ay magdudulot ng kabuluhan. Mahalaga ang kahandaan ng mga guro sa paggamit

ng teknolohiya sa pagtuturo. Dagdag pa ni Mangindra (2021) na nag mabisang guro ay dapat mahusay mag-isip at magplano upang pamahalaan ang sitwasyon ng pagkatuto.

Talahanayan 6: Kaibahan ng *Mean Gain Score* ng Pauna at Pangwakas na Pagsusulit

Experimental Group	N	Mean Score	SD	df	t – computed value	p- value	Interpretasyon
Pauna	47	10.04	3.63	46	25.0	0.000	May Makabuluhang Pagkakaiba
Pangwakas	47	24.59	6.74		19.0*		
Mean Difference		14.55					

Ayon sa talahanayan, malinaw na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng paunang at pangwakas na pagsusulit ng pangkat eksperimental. Ang paunang pagsusulit ay may *mean* na 10.04 (*SD* = 3.63), samantalang ang pangwakas na pagsusulit ay may *mean* na 24.59 (*SD* = 6.74). Gamit ang *degrees of freedom* na (46) at *t-computed* na (25.0) sa pauna at (19.0) sa pangwakas, kasama ang *p-value* na (0.000), ipinapakita ng datos na may malayong agwat ang *gain score* ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta, ipinapakita ng mas mababang *standard deviation* na mas nagkakatulad ang mga marka ng mga mag-aaral, na nangangahulugang nagkaroon ng mas pantay-pantay na pagkatuto sa tulong ng *Modified Slide Deck*. Ang positibong agwat sa *mean gain score* ay isang malinaw na indikasyon ng pag-usad at pagiging epektibo ng kagamitang pampagtuturo. Ang makabuluhang pagkakaibang ito ay nagpapatunay na ang *Modified Slide Deck* ay mabisang kasangkapan sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na may malaking epekto sa pagkatuto ang paggamit ng kagamitang naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Angkop na mga kagamitan, tulad ng *Modified Slide Deck*, ay hindi lamang nagpapadali sa pagtalakay ng mga aralin kundi nagpapataas din ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral na matuto. Ang makabuluhang pagtaas sa kanilang akademikong pagganap ay patunay na epektibo at angkop ang paggamit ng ganitong uri ng pantulong-biswal sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang mga pag-aaral nina Damo (2020), Bago (2021), Aquino (2022), at Ababa et al. (2021) ay nagpatunay na ang paggamit ng angkop na kagamitang pampagtuturo, tulad ng *Modified Slide Deck* at multimedia materials, ay nagbubunga ng makabuluhang pagkatuto at masiglang partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang mga interaktibong kagamitan sa pagtuturo ay nagpapataas ng interes at akademikong pagganap, na nagpapatunay sa halaga ng teknolohiyang pang-edukasyon sa mas makatawag-pansin na proseso ng pagkatuto.

KONKLUSYON

Batay sa natuklasan sa pag-aaral na ito ay nabuo ang sumusunod na konklusyon.



Ang pagamit ng Modified *Slide Deck* ay napatunayang mabisang kagamitang pampagtuturo sa Filipino, ayon sa pagsusuri ng mga dalubguro. Nagpakita ito ng mataas na bisa sa layunin, nilalaman, anyo, at kaangkupan, na nagresulta sa positibong pagtanggap ng mga mag-aaral. Malinaw na nakatulong ito sa paghahatid ng masining at makabuluhang pagtuturo sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng nilalaman at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo.

Batay sa resulta ng pagsusulit, ang makabuluhang pagtaas ng *mean score* mula sa paunang pagsusulit hanggang sa pangwakas na pagsusulit ay nagpapatunay ng epektibong pagkatuto at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang *Modified Slide Deck* ay hindi lamang nagbigay-linaw sa mga konsepto kundi nagpadali rin ng pag-unawa at pagpapanatili ng impormasyon. Ipinakita ng datos ang mahalagang papel ng kagamitang ito sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahusay ng kasanayan.

Bukod dito, pinatunayan din ng pagsusuri na ang *Modified Slide Deck* ay may kakayahang magdulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang positibong epekto nito sa akademikong pagganap ay nagpapakita na ang paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo ay mahalaga upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at mapalawak ang saklaw ng pagkatuto.

SANGGUNIAN

- Ababa, A. A., Bautista, B. B., Cruz, C. C., & Dela Cruz, D. D. (2021). *Epekto ng mga edukasyonal na aplikasyon sa akademikong pagganap ng mga mag-Aaral*. *Journal of Educational Technology*, 15(3), 123-135.
- Abdulrahman, M. D., Basir, N., Shittu, A. K., & Sumaila, M. S. (2020). Multimedia tools in the teaching and learning processes: A Systematic Review. *Heliyon*, 6(11), e05312.
- Almacen, A. B., Cruz, C. D., & Santos, E. F. (2024). *Pamagat ng pag-aaral*. *Journal of Educational Technology*, 15(2), 123–135.
- Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(July Special Issue), 189–204. <https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163>.
- Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. *International Journal of Psychosocial Rehabilitation*. 24 (08), 571-578.
- Bago, M. G. (2021). Kabisaan ng mga piling kolaboratibong gawaing pampagtuturo at akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Senior High School. *Sultan Kudarat State University*.
- Bruce, B. C. (2009). *Mga prinsipyo sa pagbuo ng materyales sa pagtuturo*. *Journal of Educational Design*, 12(3), 45–58.
- Caras, E. R., (2023). *Video-aided instruction ng Noli Me Tangere at pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya*. mag-aaral sa kolehiyo Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Sultan Kudarat.
- Crisolo, N. A (2018). *Sharpening education through the use of information and communications technology*.
- Del-O, A. T., Reyes, B. C., & Santos, C. D. (2023). *Mga epektibong kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino*. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 258–273.



- Gaspar, W. (2018). *Mga piling improbasyong laro bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino*. *Jenher Publishing House*.
- Imroz, M. A. (2023). *Effectiveness of multimedia learning tools in education*. *International Journal of Creative Research Thoughts*, 11(10), 566–573.
- Labasbas, M. D., & Marbella, F. D. (2022). *Kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng animated videos sa pagtuturo ng panitikan*. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 258–273.
- Malantok, N. T. (2018). *Estratehiya at pagkatuto sa panitikang asyano ng mga mag-aaral sa kolehiyo* Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Sultan Kudarat.
- Mangindra, A., & Sandoval, M.A (2021). *Maguindaon- Taw sa laya epics Balatamay Lumena, Diwata Kasapiran ang Raha Samadaya: A reflection of their addat*. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4).
- Manlapas, A. B., Reyes, C. D., & Santos, E. F. (2024). *Epekto ng paggamit ng slide decks bilang visual aid sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Loacan Elementary School*. *Philippine Journal of Educational Technology*, 15(2), 123–135.
- Molina, E. R. (2021). *Challenges teachers encounter when integrating technology in a Culturally, Linguistically, and Diverse High School (Doctoral dissertation, Nova Southeastern University)*.
- Montealegre, M. A. (2019). *Education 4.0: Rebooting Phl teacher education*. Retrieved February 2020, from PhilStar global: <https://www.philstar.com/othersections/educationandhome/2019/07/28/1938565/education-40-rebooting-phlteacher-education>
- Ranosa, R. (2020). *The role of ICT in Philippine basic education*. *International Journal of Educational Research Review*, 5(1), 9-14.
- Ruelo, M.M., Sy.S.M.V., Tesalona, M. V., Tornea, Z. M., & Ybanez, K. J. F. P. (2024). *Epekto ng interaktibong video materyal sa pagkatuto ng mag-aaral sa college of teacher education medyor sa Filipino: Vol.3, ZNo.2*. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*.
- Thomas, L. (2020). *Quasi-experimental design*. Scribbr.
- Valdez, A. B. (2016). *Pamagat ng pag-aaral*. *Journal of Educational Technology*, 10(3), 145–158. *Journal of Educational Technology*, 10(3), 145–158.